

Ang Kagandahan ng Isang Itim na Rosas

The Beauty of a Black Rose

Filipino (Tagalog)

Ang pighati na wala ka bukas,
Ay isang pasang napakabigat para sa akin!
Ikaw ang sinag ng aking mata at pag-ibig ng aking buhay.
Walang salitang makapaglalarawan kung gaano kita
inalagaan.

Bawat gabi, ang aking mga mata ay lumuha sa pangamba at
wasak na puso,

Nagtataka kung nasaan ka at nalulungkot sa ating
paghihiwalay.

Ang mga pangarap ko'y pangarap lang ng iyo. Ano ang
gagawin ko?

Hindi ko alam ang sasabihin, ako'y lubos na nalilito.

Sa aking puso at isipan, ito na ang panahon ng aking buhay,
Na dapat ay nalampasan na kita ngayon!

Kailangan kong iwan ang iyong pangalan sa nakaraan;
Bilang isang sugat sa aking puso;

Upang magsimula ng bagong buhay at magkaroon ng
bagong pag-asa!

Upang malaman mo lamang,

Na ang alaala mo ay magiging peklat sa aking kaluluwa;
Dapat ba kitang bigyan ng mga salita mula sa tulang ito?

O ng isang tangkay na rosas?

Tanggapin mo sana ang handog na ito—isang simpleng tula
ng pighati at paglisan;

Upang malaman mo, na wala ka na ngayon, sa aking
palagay;

Kundi ang ganda at halimuyak ng isang itim na rosas!
